



# Mga Iminumungkahing Singil sa Tubig at Imburnal FYE 2019-2022

Araw-araw, naghahatid ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ng tubig na mataas ang kalidad sa 2.7 milyong tao sa Bay Area, lumilikha ng malinis na enerhiya, at pinoprotektahan ang pampublikong kalusugan at kapaligiran sa pamamagitan ng pangongolekta at paglalagay ng gamot sa maruming tubig para sa mga residente at negosyo sa San Francisco.

Pinatatakbo ang ating sistema nang 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 100% na pinopondohan ang pagpapatakbo at pagpapanatili nito sa maayos na kondisyon ng mga singil sa tubig at imburnal. Upang maipagpatuloy ang paghahatid ng mga serbisyong inaasahan natin sa kasalukuyan at sa hinaharap, nagmumungkahi ang SFPUC ng pagtataas sa singil sa serbisyo sa tubig at maruming tubig na ipatutupad sa ika-1 ng Hulyo, 2018.

## Ang Inyong mga Dolyar ang Nagbabayad para sa mga Kritikal na Proyekto sa Tubig at Imburnal

Ang iminumungkahing pagtataas ang magpapahintulot sa SFPUC na ipagpatuloy at pabilisin pa ang mga gawain upang higit na mapahusay ang ating mga sistema sa tubig at imburnal. Nakumpleto na namin nang 95% ang \$4.8 bilyong Water System Improvement Program (Programang para sa Pagpapahusay ng Programang sa Tubig, WSIP), na serye ng mga proyekto sa pagpapahusay ng imprastruktura upang palakasin ang lifeline ng tubig para sa San Francisco Bay Area, at nang masigurong makapagbibigay kami ng tubig sa loob ng 24 oras pagkatapos ng lindol. Nakapagpondo na ang inyong ibinabayad na dolyar sa malalaking proyektong may kinalaman sa lindol para sa mga lokal at panrehiyong reservoir, treatment plant, at panrehiyong pipeline ng tubig, at pipeline ng tubig at imburnal na nasa loob ng lungsod. Kailangan ang pagtataas ng singil upang makompleto ang malalaking proyektong ito at upang mabayaran ang mga bond na inisyu para sa pagpondo sa mga ito. Habang kinumpleto natin ang WSIP, ibabaling natin ang ating atensiyon sa ating sistema ng imburnal, na nasa bungad ng pagprotektang sa pampublikong kalusugan at sa kapaligiran. Ang mga pipeline ng imburnal at treatment plant ay malapit nang marating ang katapusan ng buhay ng pagpapatakbo sa mga ito at kasalukuyang nangangailangan ng mga upgrade upang patuloy na magsilbi sa atin. Tutugunan ng ating Sewer System Improvement Program (Programang para sa Pagpapahusay sa mga Imburnal, SSIP) ang mga pangangailangan ng ating Lungsod at sisiguraduhin ang patuloy na pagprotektang sa pampublikong kaligtasan at kapaligiran.

**Ginagastos ang singil sa Inyo para sa:**

- 24/7 na mga Operasyon
- Karaniwang Pagpapanatili at Pang-emergency na Pagkukumpuni
- Mga Pagpapaganda o Pagpapahusay sa Imprastruktura
- Paghahatid at Paglalagay ng Gamot
- Pagnomonitor ng Kapaligiran
- Pangangasiwa ng Watershed at Lupa
- Mga Programang Pangkomunidad

## Ang Ating Proseso sa Pagtatakda ng Singil Sa Publiko

May dedikasyon ang SFPUC sa malinaw na proseso ng pagtatakda ng singil sa publiko at ginagabayan ito ng mga prinsipiyong nakasaad sa ating Polisiya para Pagtitiyak ng Wastong Paggamit ng Pera ng Nagbabayad ng Singil (Ratepayer Assurance Policy). Gaya ng iniaatas ng Tarter ng San Francisco, nakompleto na ng independiyenteng konsultant sa singil ang pag-aaral sa gastos sa serbisyo. Ang mga natuklasan sa pag-aaral sa singil ang naging batayan para sa aming iminumungkahing singil, at dadaan ito sa malawak na proseso ng pag-apruba ng publiko.

Kasalukuyan nang sinusuri ng Rate Fairness Board (Lupon para sa Pagiging Makatarungan ng Singil), na binubuo ng mga kostumer ng SFPUC at iba pang hinirang, ang mga iminumungkahing singil, nagdaraos na ng mga pampublikong ppulong, at nagkakaalob na ng mga rekomendasyon upang masiguro ang pagiging abot-kaya, katatagan, at pagiging makatarungan. Isasaalang-alang ng Komisyon ang iminumungkahing singil para sa FYE 2019-2022 sa spring ng 2018. Ang mga interesadong kostumer at iba pang partido ay puwedeng magbigay ng komento ukol sa mga iminumungkahing singil sa mga pagdinig ng Rate Fairness Board at ng Komisyon.

Upang alamin pa ang tungkol sa aming mga rates package, proseso ng pagtatakda ng singil, at darating na pulong, bisitahin ang [sfwater.org/rates](http://sfwater.org/rates).

## Iskedyul ng mga Iminumungkahing Singil

Kinakatawan ng iskedyul ng iminumungkahing singil ang pangkaraniwang taunang pagtaas na tinatayang \$10 kada buwan para sa karaniwang kabayanan ng tirahan na pang-isang pamilya sa San Francisco (tinatayang 8-9% kada taon). Kasama sa mga iminumungkahing singil ang 1) isang buwanang singil sa serbisyo batay sa laki ng metro, 2) isang buwanang singil sa serbisyo sa maruming tubig, 3) mga volumetric na singil sa tubig batay sa nakametrong paggamit ng tubig, at 4) mga volumetric na singil sa maruming tubig batay sa tinantiyang volume ng tubig na itinaon sa sistema ng imburnal. Sinusukat ang paggamit ng tubig sa pamamagitan ng mga yunit ng isang daang cubic feet (Ccf) na katumbas ng 748 galon.

Inilalarawan ng mga sumusunod na seksiyon ang mga bahagi ng singil na ito at nagbibigay ng halimbawa ng mga kalkulasyon ng singil para sa mga residensiyal at hindi residensiyal na kostumer. May calculator para sa pagkukuwenta ng mga singil ang aming website kung saan puwede ninyong ilagay ang inyong buwanang paggamit ng tubig at impormasyon ng kostumer para sa mga personalisadong pagtatantiya ng singil. Bisitahin ang [sfwater.org/rates](http://sfwater.org/rates) para sa calculator na puwedeng gamitin sa pagkukuwenta ng singil at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon.

### Mga Buwanang Singil

Magkakapareho ang mga singil sa serbisyo buwan-buwan, gaano man karami ang paggamit ng tubig. Nagbabago naman ang mga singil sa serbisyo ng tubig ayon sa laki ng metro, habang magkakapareho ang mga singil sa serbisyo sa maruming tubig para sa lahat ng kostumer ng maruming tubig.

Ibinabalik ng mga singil sa serbisyo sa tubig ang mga hindi na nagbabagong gastusin (fixed costs) na hindi nag-iiba-iba ayon sa dami ng ginamit na tubig, gaya ng serbisyo sa kostumer at paniningil, pagpapanatili ng metro ng tubig sa maayos na kondisyon, at pampublikong serbisyo para sa proteksiyon laban sa sunog na kapaki-pakinabang para sa lahat ng taga-San Francisco.

Binabawi ng mga singil sa serbisyo sa maruming tubig ang bahagi ng hindi na nagbabagong gastusing na may kinalaman sa serbisyo sa kostumer at paniningil, at magkakapareho ito para sa lahat ng kostumer.

Ang mga singil sa pribadong serbisyo para sa paglaban sa sunog ay para sa mga gusaling may hiwalay na metro para sa pribadong proteksiyon laban sa sunog. Kinakalkula ang mga singil na ito upang maibalik ang mga gastos para sa serbisyo sa kostumer at paniningil, at sa espesipikong gawain para sa pagpapanatili sa mga pribadong metro para sa sunog sa maayos na kondisyon.

### Mga Volumetric na Singil: Mga Residensiyal na Kostumer

May dalawang tier o bahagi ang mga singil sa residensiyal na tubig. Ang ikalawang tier ay ang mas mataas na yunit ng singil upang sumalamin sa mga karagdagang gastos na kailangan upang mapagsilbihan sa mapagkakatiwalaang paraan ang malakas gumamit 24/7. Para sa mga gusali na pang-isang pamilya, sinisingil ang unang apat na yunit ng tubig kada buwan ng unang tier na singil, at sinisingil ang anumang karagdagang yunit ng ikalawang tier ng singil. Para sa mga gusali na pangmaramihang pamilya, sinisingil ang unang tatlong yunit ng tubig sa kada yunit ng tirahan kada buwan ng unang tier na singil, habang sinisingil ang anumang karagdagang yunit ng tubig ng ikalawang tier ng singil.

Nakabatay ang mga singil sa residensiyal na maruming tubig sa tinantiyang dami ng tubig na itinaon sa sistema ng imburnal. Ginagamit ang "flow factor" upang tantiyahin ang dami ng tubig na bumabalik sa sistema ng imburnal para sa paggamot. Ang default (nakatakda na maliban na lamang kung babaguhin) na flow factor para sa mga tirahan na pang-isang pamilya ay 90%; ang default na flow factor para sa mga tirahan na pangmaramihang pamilya ay 95%. Sinisingil ang lahat ng mga yunit sa pagtatapon ng maruming tubig sa parehong antas.

Narito ang halimbawa ng karaniwang buwanang singil sa kostumer na pang-isang pamilya para sa 5.3 yunit ng tubig, gamit ang iminumungkahing mga singil sa FYE 2019:

1. Ang singil sa serbisyo sa tubig para sa isang 5/8" na metro ay \$12.30
2. Ang singil sa serbisyo sa maruming tubig ay \$0.98.
3. Ang unang apat na yunit ng tubig ay sinisingilin ng \$7.10 kada yunit, para sa kabuuang \$28.40. Ang susunod na 1.3 yunit ng tubig ay sinisingilin ng \$9.10 kada yunit, para sa kabuuang \$11.83. Ang kabuuang singil para sa volumetric na paggamit ng tubig ay \$40.23.
4. Ang paggamit ng 5.3 yunit ng tubig ay minu-multiply ng flow factor na 90% para sa 4.77 na yunit ng tinapong maruming tubig. Ang bawat yunit ng tinapong ay sinisingilin sa antas na \$13.06 para sa kabuuang \$62.30.

Ang kabuuang buwanang singil ng kostumer na ito ay magiging \$115.81. Kinakatawan nito ang \$8.14 na pagtaas mula sa parehong buwanang singil sa kostumer sa ilalim ng kasalukuyang mga singil sa FYE 2018. Susundin ng mga kostumer na pangmaramihang pamilya ang kahalintulad na kalkulasyon na may dalawang pagkakaiba. Una, kakalkulahin ang cutoff para sa unang tier sa pamamagitan ng pagmu-multiply sa bilang ng yunit ng tirahan sa tatlong yunit ng tubig kada yunit ng tirahan. Halimbawa, ang apat na yunit na gusali ay sinisingilan sa unang tier na antas para sa unang 12 yunit ng tubig sa bawat buwan (4 na yunit ng tirahan x 3 yunit ng tubig = 12), at sa ikalawang tier na antas para sa lahat ng yunit ng tubig na mas malaki sa 12. Pangalawa, 95% ang gagamitin na default na flow factor ng pangmaramihang pamilya upang makalkula ang mga yunit ng itinapong maruming tubig.

Mga Iminumungkahing Singil sa Tubig (1 yunit ng tubig = 1 Ccf = 748 galon)					
	Kasalukuyan	Iminumungkahi			
	FYE 2018	FYE 2019	FYE 2020	FYE 2021	FYE 2022
<b>Buwanang Singil sa Serbisyo – Tubig (batay sa laki ng metro)</b>					
5/8 in	\$11.63	\$12.30	\$13.28	\$14.19	\$15.17
3/4 in	\$14.64	\$15.76	\$17.01	\$18.18	\$19.43
1 in	\$20.66	\$22.67	\$24.47	\$26.15	\$27.95
1-1/2 in	\$35.71	\$39.94	\$43.12	\$46.07	\$49.25
2 in	\$53.78	\$60.67	\$65.50	\$69.98	\$74.81
3 in	\$95.95	\$115.95	\$125.18	\$133.74	\$142.97
4 in	\$156.17	\$178.14	\$192.32	\$205.47	\$219.65
6 in	\$306.76	\$350.89	\$378.82	\$404.72	\$432.65
8 in	\$487.45	\$558.19	\$602.62	\$643.82	\$688.25
10 in	\$698.25	\$869.14	\$938.32	\$1,002.47	\$1,071.65
12 in	\$1,300.55	\$1,491.04	\$1,609.72	\$1,719.77	\$1,838.45
16 in	\$2,264.24	\$2,596.64	\$2,803.32	\$2,994.97	\$3,201.65

Mga Volumetric na Singil					
	Kasalukuyan	Iminumungkahi			
	FYE 2018	FYE 2019	FYE 2020	FYE 2021	FYE 2022
<b>Tirahan na Pang-isang Pamilya (Single-Family) – Tubig kada isang daang cubic feet (Ccf)</b>					
Unang 4 na Ccf kada buwan (Tier 1)	\$6.42	\$7.10	\$7.85	\$8.68	\$9.60
Lahat ng karagdagang Ccf (Tier 2)	\$8.62	\$9.10	\$9.61	\$10.15	\$10.71
<b>Tirahan na Pangmaramihang Pamilya (Multi-Family) – Tubig kada isang daang cubic feet (Ccf)</b>					
Unang 3 Ccf sa bawat tirahan kada buwan (Tier 1)	\$6.57	\$7.22	\$7.94	\$8.73	\$9.60
Unang 4 na Ccf kada buwan (Tier 1)	\$8.81	\$9.26	\$9.73	\$10.23	\$10.76
<b>Hindi Residensiyal (Non-Residensiyal) – Tubig kada isang daang cubic feet (Ccf)</b>					
Para sa lahat ng yunit ng tubig	\$7.64	\$8.43	\$9.14	\$9.81	\$10.55

Mga Iminumungkahing Singil sa Maruming Tubig					
	Kasalukuyan	Iminumungkahi			
	FYE 2018	FYE 2019	FYE 2020	FYE 2021	FYE 2022
	N/A	\$0.98	\$2.19	\$3.60	\$5.21
<b>Buwanang Singil sa Serbisyo sa Maruming Tubig Tirahan na Pang-isang Pamilya – Maruming Tubig kada isang daang cubic feet na itinaon (Ccf)</b>					
Tirahan na Pang-isang Pamilya – Maruming Tubig kada isang daang cubic feet na itinaon (Ccf)	\$12.40	\$13.06	\$13.88	\$14.89	\$15.97
<b>Tirahan na Pang-isang Pamilya – Maruming Tubig kada isang daang cubic feet na itinaon (Ccf) Para sa lahat ng yunit ng itinaon</b>					
Tirahan na Pangmaramihang Pamilya – Maruming Tubig kada isang daang cubic feet na itinaon (Ccf)	\$12.40	\$13.06	\$13.88	\$14.89	\$15.97
<b>Hindi Residensiyal – Maruming Tubig kada isang daang cubic feet na itinaon (Ccf)</b>					
Volume kada yunit ng itinaon	\$7.66	\$7.84	\$8.29	\$8.86	\$9.46
Chemical Oxygen Demand (COD) kada pound	\$0.548	\$0.519	\$0.555	\$0.599	\$0.647
Kabuuang Suspended Solids (TSS) kada pound	\$1.033	\$1.320	\$1.412	\$1.525	\$1.647
Langis at Grasa (O/G) kada pound	\$1.082	\$1.331	\$1.424	\$1.538	\$1.661

Mga Iminumungkahing Singil sa Serbisyo sa Sunog					
	Kasalukuyan	Iminumungkahi			
	FYE 2018	FYE 2019	FYE 2020	FYE 2021	FYE 2022
<b>Buwanang Singil sa Pribadong Serbisyo sa Sunog</b>					
1 in	\$10.36	\$7.74	\$8.37	\$8.95	\$9.55
1-1/2 in	\$15.05	\$10.09	\$10.92	\$11.67	\$12.45
2 in	\$20.70	\$12.91	\$13.98	\$14.94	\$15.93
3 in	\$33.86	\$20.43	\$22.14	\$23.66	\$25.21
4 in	\$52.67	\$28.89	\$31.32	\$33.47	\$35.65
6 in	\$99.67	\$52.39	\$56.82	\$60.72	\$64.65
8 in	\$156.09	\$80.59	\$87.42	\$93.42	\$99.45
10 in	\$221.90	\$122.89	\$133.32	\$142.47	\$151.65
12 in	\$409.95	\$207.49	\$225.12	\$240.57	\$256.05

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [sfwater.org/rates](http://sfwater.org/rates). Tingnan ang pinakabagong singil sa inyo upang makuha ang laki ng metro at paggamit ng tubig (Ccf kada buwan).

## Mga Volumetric na Singil: Mga Hindi Residensiyal na Kostumer

Nakabatay ang mga singil sa hindi residensiyal na tubig sa nakametro ng paggamit ng tubig. Walang mga tier para sa mga hindi residensiyal na kostumer.

Nagbabago ang mga singil sa hindi residensiyal na maruming tubig batay sa dami ng dumi na makikita sa itinapon ng iba't ibang uri ng kostumer. Dahil dito, may apat na bahagi ang mga singil na ipinapakita sa table o talahanayan: ang volumetric na singil batay sa porsiyento ng paggamit ng tubig at tatlong strength charges batay sa dami ng dumi sa itinatapong maruming tubig ng kostumer.

Kinakalkula ang mga yunit ng itinapon batay sa tinantiyang dami ng tubig na itinapon sa sistema ng imburnal. Ginagamit ang "flow factor" upang tantiyahin ang dami ng tubig na bumabalik sa sistema ng imburnal para sa paggamot. Ang default na flow factor para sa mga komersiyal na kostumer ay 90%.

Nakakuha na ang SFPUC ng mga sampol ng itinapong maruming tubig mula sa maraming uri ng hindi residensiyal na kostumer upang bumuo ng mga pamantayang pagpapalagay ukol sa mga timbang ng dumi kada yunit ng maruming tubig. Kinakalkula ang mga singil sa kostumer batay sa kodigo ng SIC (uri ng negosyo). Bisitahin ang aming website sa [sfwater.org/rates](http://sfwater.org/rates) upang hanapin ang timbang ng mga dumi kada yunit ng maruming tubig para sa uri ng inyong negosyo.

Narito ang halimbawa ng kalkulasyon ng singil para sa restawran na gumagamit ng 32 yunit ng tubig kada buwan:

1. Ang singil sa serbisyo sa tubig para sa isang 5/8" na metro ay \$12.30
2. Ang singil sa serbisyo sa maruming tubig ay \$0.98.
3. Ang 32 yunit ng tubig ay sinisingil ng \$8.43 kada yunit, para sa kabuuang halaga na \$269.76.
4. Minu-multiply ang paggamit ng 32 yunit ng tubig ng flow factor na 90% para sa 28.8 yunit ng itinapong maruming tubig. Ipinagpapalagay na nagtatapon ang mga restawran ng 7.20 pounds ng COD, 1.89 pounds ng TSS, at 1.57 pounds ng O/G kada yunit na naitapon. Minu-multiply ang bawat isa sa mga volume na ito ayon sa singil upang makalkula ang singil sa bawat dumi sa bawat yunit ng itinapon.  $7.20 \text{ pounds ng COD} \times \$0.519 \text{ kada pound ng COD} = \$2.736 \text{ kada yunit ng tinapon.}$   $1.89 \text{ pounds ng TSS} \times \$1.320 \text{ kada pound ng TSS} = \$2.497 \text{ kada yunit ng itinapon.}$   $1.57 \text{ pounds ng O/G} \times \$1.331 \text{ kada pound ng O/G} = \$2.086 \text{ kada yunit ng itinapon.}$  Ang kabuuang singil kada yunit ng itinapon para sa uri ng negosyong ito ay  $\$7.834 + \$3.736 + \$2.497 + \$2.086 = \$16.152$  (volume + COD + TSS + O/G). 28.8 ng mga yunit ng itinapong maruming tubig na minultiply ayon sa singil sa kostumer na  $\$16.152 \text{ kada yunit ng itinapon} = \$465.18$ .

Ang kabuuang buwanang singil sa restawran na ito ay magiging \$748.22. Kinakatawan nito ang \$52.69 na pagtaas mula sa parehong buwanang singil sa kostumer sa ilalim ng kasalukuyang singil sa FYE 2018.

## Karagdagang Singil nang dahil sa Pansamantalang Tagtuyot

Bago ang karagdagang singil nang dahil sa tagtuyot sa mungkahing pagsingil. Pansamantalang singil ito na ipapataw lamang kapag ipinatupad na ng Komisyon ang Water Shortage Allocation Plan (Plano para sa Pagbabahagi ng Tubig sa Panahon ng Kakulangan sa Tubig) ng SFPUC, at hiniling na sa mga kostumer na bawasan ang paggamit ng tubig. Kung maipatutupad, itataas ng karagdagang singil sa tagtuyot ang volumetric na singil sa tubig at maruming tubig para sa lahat ng uri ng kostumer nang hanggang sa mga porsiyentong ipinapakita sa ibaba. Kinakalkula ang mga porsiyentong ito upang mabawi ang mga gastos na nakabatay sa mga binawasang volume na sinisingil.

Magtatakda ang SFPUC ng porsiyento ng karagdagang singil na mas mababa sa ipinapakita sa table o talahanayan sa ibaba upang masiguro na hindi lalampas ang mga singil sa gastos sa pagbibigay ng serbisyo sa tubig at maruming tubig sa kostumer.

Yugto ng Water Shortage Allocation Plan	Target na Pagbabawas sa Paggamit ng Tubig	Karagdagang Singil sa Tagtuyot sa mga Singil sa Tubig at Maruming Tubig
Yugto 1	5-10%	Hanggang 10%
Yugto 2	11-20%	Hanggang 20%
Yugto 3	Mahigit 20%	Hanggang 25%

Bilang halimbawa, kapag nagdeklara ang Komisyon ng Yugto 1 na tagtuyot, at hiniling sa mga kostumer na bawasan ang paggamit ng tubig nang 10%, susuriin ng SFPUC ang inaasahan na bawas nang volume na sisingilin at itatakda ang karagdagang singil sa panahon ng tagtuyot sa tubig at maruming tubig nang hanggang 10%. Para sa tubig, iaangkop ang 10% pansamantalang karagdagang singil na ito sa parehong antas ng tier para sa mga residensiyal na kostumer ng tubig at sa volumetric na singil kada yunit para sa mga hindi residensiyal na kostumer. Para sa maruming tubig, iiaangkop ang karagdagang singil na ito sa volumetric na singil kada yunit para sa mga residensiyal at hindi residensiyal na kostumer, pati na rin sa singil kada pound ng mga dumi para sa mga hindi residensiyal na kostumer.

### Mga Paraan upang Makatipid

Naghahandog ang SFPUC ng iba't ibang rebate, programa, at insentibo upang tulungan ang mga kostumer na mapababa ang kanilang singil. Alamin pa ang tungkol dito sa [sfwater.org/waystosave](http://sfwater.org/waystosave) o tumawag sa 415-551-3000.

## Abiso ukol sa Pampublikong Pagdinig na Tatalakay sa mga Iminumungkahing Singil sa Tubig at Maruming Tubig

**Pagpupulong ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng San Francisco (S.F. Public Utilities Commission)**  
**Martes, Abril 10, 2018**  
**San Francisco City Hall, Room 400**  
**1 Dr. Carlton B. Goodlett Place**

Alinsunod sa Artikulo XIII D, Seksiyon 6, ng Saligang Batas ng California (kilala rin bilang Proposisyon 218), may karapatan kayong magsumite ng nakasulat na protesta laban sa iminumungkahing singil sa tubig at maruming tubig. Hindi magkakabisa ang mga iminumungkahing pagtataas sa singil kung tatanggap ang SFPUC ng mga nakasulat na protesta mula sa mayorya ng apektadong may-ari ng gusali at kostumer. Kailangang ipadala ang mga nakasulat na protesta sa SFPUC Commission Secretary sa pampublikong pagdinig ng Komisyon na gaganapin sa Abril 10 upang mapabilang. Hindi puwedeng ipahatid ang mga protesta sa paraang elektroniko o pasalista. Ang anumang nakasulat na protesta ay dapat na: (1) magsaad na

sumasalungat ang natukoy na may-ari ng gusali o kostumer sa mga iminumungkahing pagtataas sa singil; (2) ibigay ang lugar ng tinutukoy na parselang (sa pamamagitan ng numero ng parselang tagatasa, numero ng kalye, o account ng kostumer); (3) may kasamang pangalan at pirma ng taong nagsusumite ng protesta. Bagama't hindi maituturing ang mga pasalitang komento sa pagdinig na pormal na protesta, maliban na lamang kung may kasamang nakasulat na protesta, malugod na tinatanggap ng SFPUC ang mga opinyon mula sa komunidad sa panahon ng pampublikong pagdinig ukol sa mga iminumungkahing singil sa tubig at maruming tubig.

**Ipadala ang mga Protestang sa pamamagitan ng koreo sa:**  
**SFPUC Commission Secretary**  
**525 Golden Gate Avenue, 13th Floor**  
**San Francisco, CA 94102**

## Pinahahalagahan namin ang inyong opinyon.

Kung may ibabahagi kayo o gusto ninyong humiling ng presentasyon, mangyaring mag-email sa [ratesinfo@sfwater.org](mailto:ratesinfo@sfwater.org).



**San Francisco**  
**Water Power Sewer**  
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

525 Golden Gate Avenue, 12th Floor  
San Francisco, CA 94102

SF Water Power Sewer @sfwater

## Nakalakip ang Mahalagang Impormasyon Tungkol sa mga Iminumungkahing Singil sa Tubig at Imburnal